

Mga Hamon Ng Mga Mag-Aaral sa Pagsasalita at Pagsulat ng Wikang Filipino

DOI: 10.5281/zenodo.14619119

Cristy O. Quinlog

BSED- 4 College of Education, Misamis University, Ozamiz City, Philippines
<https://orcid.org/0009-0000-7225-5190> | cristyquinlog41@gmail.com

Jissel A. Lapena

BSED- 3 College of Education, Misamis University, Ozamiz City, Philippines
<https://orcid.org/0009-0003-5891-6791> | jissellapena@gmail.com

Leizel Joy C. Dabalos

Faculty, Misamis University, Ozamiz City, Philippines
<https://orcid.org/0009-0000-8679-6992> | leizeljoycaspe30@gmail.com

Sydel Camille D. Compo

Faculty, Misamis University, Ozamiz City, Philippines
<https://orcid.org/0009-0006-8200-3521> | delosreyessydel@gmail.com

Abstrak

Ang pagsasalita at pagsulat ay kabilang sa makrong kasanayan na kinakailangang malinang ng mga mag-aaral. Layunin ng pag-aaral na matukoy ang mga hamon ng mga mag-aaral sa pagsasalita at pagsulat gamit ang wikang Filipino sa taong panuruan 2023- 2024. Gumamit ng kwalitatibong pamamaraan ang mga mananaliksik gamit ang *phenomenological* na desinyo. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay ang labingdalawang (12) mag-aaral mula sa baitang 7 hanggang 10 ng *Junior High School Department* na pinili gamit ang ng *purposive sampling*. Gumamit ng gabay na katanungan na sariling gawa ng mga mananaliksik sa panayam. Ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng *face-to-face interview* sa mga kalahok. Ang mga datos ay sinuri gamit ang pamamaraan ni Moustaka. Ang pag-aaral na ito ay nagbunga ng sumusunod na tema:(1) Kahirapan sa Pag-intindi at Paggamit mga Malalalim na Termino sa Pagsasalita at Pagsulat; (2) Kahirapan sa Paggamit sa Gramatika sa Pagsasalita at Pagsulat; (3) Kahirapan sa Paggamit sa Wikang Filipino sa Pagsasalita at pagsulat dahil sa Kakulangan sa Kasanayan. Kinakailangan na bigyang pansin ang mga hamon ng mga mag-aaral sa pagsasalita at pagulat sa wikang Filipino upang matulungan silang malagpasan at magbigyan ng paraan upang mapayabong ang kanilang bokabularyo o kaalaman sa wikang Filipino. Para sa susunod na mananaliksik, iminumungkahi na magsagawa ng pag-aaral ukol sa mga posibleng mga estratehiya sa pagpapa-unlad ng pagsasalita at pagsulat sa wikang Filipino.

Mga Susing Salita: bokabularyo, gramatika, hamon, pagsasalita, pagsulat, wikang Filipino

Introduksyon

Ang pagsulat at pagsasalita ay bahagi ng makrong kasanayan na dapat malinang ng mga mag-aaral. Upang maging epektibo ang pakikipagtalastasan sa kapwa kinakailangan na magkaroon ng sapat na kaalaman sa wika para sa malinaw na pagpapalitan ng impormasyon, nagpapatibay ng pakikipagtulungan, nagtatayo ng tiwala, at sa huli ay humahantong sa pagkamit ng mga layunin (Bozic, 2024). Samakatuwid, ang wikang Filipino ay napakahalaga sa pagsulat at pagsasalita (Martin, 2016). Sa Pilipinas, ang asignaturang Filipino ay lumilining sa mga kasanayan sa pagsasalita at pagsulat sa Filipino (Jasareno, 2012). Sa modernong panahon, kakikitaan na karamihan sa mga mag-aaral ay hindi gaanong bihasa sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita at pagsulat.

Maraming mga mag-aaral ang nagsasabi na ang pagkatuto ng wikang Filipino ay mahirap. Ayon sa pag-aaral na isinagawa nina Dicang at Molina (2023), isa ang wikang Filipino sa itinuturing na wikang mahirap gamitin sa pagsasalita at pagsulat. Upang maging mahusay sa isang wika, lalo na kung ito ay iba sa nakagisnang wika, kinakailangan ang kaalaman at kasanayan sa paggamit ng mga bahagi ng wika (Meneses et al., 2023). Ang pagkakaroon ng kaalaman at kasanayan sa sariling wika ay mahalaga sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagsasalita at pagsulat. Ngunit, kapansin- pansin na maraming mga mag-aaral ang nahihirapan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita at pagsulat dala na rin ng kakulangan sa kaalaman ukol rito. Ito ay dahil sa kakulangan ng bokabularyo sa naturang wika, nakalilitong mga salita dulot ng mga panlaping nakapaloob rito at ang katatasan ng guro sa mga pagtuturo ng wikang Filipino (Dicang at Molina, 2023).

Mahalaga ang pagkatuto ng wika upang maging epektibo sa pakikipagtalastasan at pagsulat ng isang indibidwal. Ayon kay Shava at Manyike (2018) ang pang edukasyon na tagumpay ay lubos nanakadepende sa kakayahan ng

mga mag-aaral na magkaroon ng *access* at ipakita ang kanilang mga kasanayan sa paggamit ng wika. Ang epektibong pagsasalita ay kaakibat ng pagkakaroon ng katatasan at katumpakan na dapat mahasa ng mga mag-aaral (Sosas, 2021). Ayon naman kay Elkhayma (2020), ang mga kasanayan sa pagsulat ay mahalaga para sa pagbabasa ng impormasyon, pag-uulat ng balita, at pakikipag-ugnayan sa pamamagitan sa mga digital na *email* at mga mensahe. Sa pamamagitan ng pagsasalita at pagsulat ay mas napapadali ang pagbabahagi ng mga impormasyon. Ngunit, dala ng kakulangan sa kaalaman sa kasanayan sa wika, kalimitang mas ginagamit ng mga mag-aaral ang nakasanayang wika sa pagsasalita sa kapwa at pagsulat (Gaan, 2024).

Ang wika ay may mahalagang papel na ginagampanan sa pagbuo ng halos lahat ng impormasyon at komunikasyon. Ang pinaka-maaasahan at makapangyarihang kasangkapan sa komunikasyon sa pamumuhay nang sama-sama sa isang lipunan ay wika (Apriyanto 2020). Ang wika ay isang kasangkapang pangkomunikasyon na ginagamit ng bawat isa sa kanilang pang-araw-araw na buhay upang maihatid ang impormasyon at argumento sa iba (Rabiah, 2018). Ito ay isa sa mga kasangkapan upang maihatid ang impormasyon.

Ang pagsulat at pagsasalita ay isa sa mga kasanayan na dapat malinang ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral na isinagawa nina (Gebremarian at Asgede, 2023) sa Indonesia, ang pagkatuto sa wika ay nakatuon sa pagkamit sa layunin sa apat na pangunahing haligi ng edukasyon: kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat. Napag-alaman sa isang pag-aaral na isinagawa sa Thailand, ang pagsulat ay isa sa pinakamahirap na kasanayan. Marami sa mga mag-aaral ang humaharap sa mga hamon sa pagsulat at pagsasalita lalo na amg kulang sa bokabularyo, mahinang gramatika, mahirap sapagbabaybay, at kahandaan ng mag-aaral (Fareed et al., 2016). Ang mga mag-aaral ay kadalasang kulang sa pangunahing pag-unawa sa pangungusap, talata, at kayarian ng sanaysay (Martinez et al. 2020).

Sa isa pang pag-aaral na isinagawa sa Indonesia napag-alaman na, sa isang akademikong tagpuan, ang pagpapahusay sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral ay isa sa pangunahing layunin ng edukasyon (Al Khazraji, 2019). Ito ang lubos na pinahahasa ng mga guro lalong lalo na sa asignaturang Filipino. Napag-alaman sa pag-aaral ni Zidan (2020), marami sa mga mag-aaral sa Indonesia na kaikitaan ng hindi kahusayan sa pagsulat lalo na at kulang ang mga ito sa kaalaman sa gramatika at bokabularyo. Ang hindi epektibong pagsulat na gawa ng mga mag-aaral ay dulot ng kawalan sa kaalaman sa wika, pagsalalin at pasasawalang bahala (Parasibu, 2021).

Sa Pilipinas, ayon kay Javed et al., (2013) ang pinakamabisang komunikasyon ng damdamin ay ang wika. Samakatuwid, ito ay eksklusibo sa mga tao para sa hangarin ng komunikasyon. Ang mga saloobin at damdamin ay naging malinaw sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iba. Kapag ang isang tao ay nagpapakita ng kuryusidad sa kung ano ang sinasabi ng iba, nangangahulugang naiintindihan ang dalawang kasangkot sa usapan (Reid, 2020). Napag-alaman sa pag-aaral na isinagawa ni Cabansag (2013), na karamihan sa mga mag-aaral ay marunong sa pagsulat ngunit hindi bihasa sa wastong paggamit ng istruktura at balarila sa pagbuo nito. Ang mga pangkaraniwang pagkakamali nila ay ang paggamit ng wastong pandiwa at mga salita na nakasulat sa wikang Filipino.

Higit pa rito, ayon kay Dabu (2014), bagamat araw-araw na ginagamit ang wikang Filipino sa tahanan man o sa kalsada, maraming mga Pilipino pa rin ay kakikitaan na hindi sila gaanong bihasa o gaanong sanay sa pagbigkas ng mga salitang nakasulat sa Filipino; sila ay minsang nauutal at tinutubuan ng takot. Karagdagan, dahil sa hindi gaanong paggamit ng wikang Filipino ay unti-unti na itong nawala. Sinang-ayunan naman ito nina Bolatin et al., (2019), ang wikang Filipino ay unti- unti nang nawawala dahil mas gusto ng mga mag-aaral ang paggamit ng wikang Ingles. Mas ginagamit din ang wikang Ingles sa pagsulat ng mga sanaysay at pagsasalita sa loob ng silid-aralan. Dahil na rin sa paniniwalang pag-unawa sa wikang Ingles ay mas kapaki – pakinabang pa (Suelto, 2018).

Sa isang paaralan ng Ozamiz City, sa Junior High School, naobserbahan ng mga mananaliksik na ang mga mag-aaral partikular na nasa Junior High ay humaharap sa iba't ibang hamon sa pagsasalita at pagsulat gamit ang wikang Filipino. Isinagawa ang pananaliksik na ito dahil nais ng mga mananaliksik na matukoy ang mga hamong nakaapekto sa pagsasalita at pagsulat ng mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino.

Layunin ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral partikular na sa mga Junior High sa pagsasalita at pagsulat gamit ng wikang Filipino.

Pamamaraan

Ang pananaliksik na ito ay isang kwalitatibong pag-aaral na gumamit ng *phenomenological* na disenyo. Ang *phenomenology* ay nagbibigay sa pakikipag-ugnayan at karanasan ng tao (Porty, 1945). Sa pamamagitan nito ay matutukoy ng mga mananaliksik ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat at pagsasalita sa wikang Filipino sa Junior High School ng Misamis University.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Basic Education Department Junior High School sa isa sa paaralan ng lungsod ng Ozamiz. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay ang labingdalawang (12) mag-aaral mula sa baitang 7 hanggang 10 ng *Junior High School Department* nahumaharap sa iba't ibang hamon sa pagsasalita at pagsulat gamit ang wikang Filipino na pinili gamit ang purposive sampling na ibinatay sa krayterya na sila ay opisyal na naka enrol sa taong 202- 2024 . Pinili ang mga kalahok na ito sa tulong ng kanilang adviser kung saan tinanong ng mga mananaliksik kung sino sa mga mag-aaral ang nahihirapan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita at pagsulat. Ang pahintulot ay nakuha mula sa mga kalahok bago ang pagsasagawa sa pag-aaral.

Resulta at Talakayan

A. Mga Hamon na Kinakaharap sa Pagsulat at Pagsasalita sa wikang Filipino

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa Junior High School sa pagsasalita at pagsulat gamit ang wikang Filipino. Tinalakay nito ang mga mahahalagang tema tungkol sa kahirapan sa pag-intindi sa mga malalalim na mga salita, nahihirapan sa wastong gamit ng gramatika sa wikang Filipino at nahihirapan sila sa pakikipagtalastasan gamit ang wikang Filipino.

Tema 1: Kahirapan sa Pag-intindi at Paggamit ng mga Malalalim na Termino sa Pagsasalita at Pagsulat

Isa sa mga pangunahing hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat at pagsasalita ng wikang Filipino ay ang kahirapan sa pag-intindi at paggamit ng mga malalalim na mga termino sa pagsasalita at pagsulat. Ang pag-iintindi ng mga salitang nakasulat sa wikang Filipino ay hindi madali. Ang mga salitang ito kasi ay kung minsan may nakatagong kahulugan na kinakailangan ng matinding pag-aaral. Sa henerasyon ngayon, ang mga mag-aaral ay mas bihasa sa paggamit ng wikang Ingles kung kaya't limitado lamang ang kanilang mga kaalaman o bokabularyo patungkol sa mga malalalim na salita na nakasulat sa wikang Filipino. Narito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

"Ang mga pangunahing suliranin o hamon na aking kinakaharap sa pagsasalita at pagsulat sa wikang Filipino ay mga mahihirap at mga malalalim na salita" (P7)

"Ang mga suliranin o hamon na kinakaharap ko sa pagsasalita at pagsulat sa wikang Filipino ay may ibang mga salita o malalim na mga salita sa wikang Filipino ay hindi ko masyadong maintindihan" (P8)

"For me, it's hard for me because I don't know much words so it's hard for me to write it down or talk it out"(P2)

"Naiintindihan ko po ang tagalong pero sa mga malalalim na mga salita hindi ko talaga ito madaling maintindihan pati na ang kahulugan sa mga salitang binabasa"(P1)

"Nahihirapan akong magtranslate at umintindi ng deep words"(P12)

"Ang mga pangunahing suliranin o hamon na kinakaharap ko sa pagsasalita at pagsulat sa wikang Filipino ay ang ibang mga salita na may mahirap o malalim na kahulugan. Sa pagsulat naman ay ang ibang mga salita na inuulit ng maraming beses at nalilito ako minsan sa tamang pagbaybay ng mga salita"(P6)

Base sa mga sagot ng mga kalahok ipinapahayag nila ang mga hamon na kadalasan nilang narananasan sa pagsasalita at pagsulat sa wikang Filipino, partikular na tungkol sa mga mahihirap at malalalim na salita. Ipinapahayag ni P7 na ang pangunahing problema na kinakaharap niya ay ang paggamit ng mga mahihirap at malalalim na salita sa wikang Filipino dahil hindi siya gaanong rito.

"Ang mga pangunahing suliranin o hamon na aking kinakaharap sa pagsasalita at pagsulat sa wikang Filipino ay mga mahihirap at mga malalalim na salita" (P7)

Ayon naman kay P8, nahihirapan siya dahil may mga salita sa wikang Filipino na masyadong malalim at hindi niya ito lubos na nauunawaan. Biningyan diin naman ni P2, ang hirap ay dulot ng limitadong bokabularyo sa Filipino, na nagiging dahilan ng kanyang hirap sa pagsulat at pagsasalita.

"Ang mga suliranin o hamon na kinakaharap ko sa pagsasalita at pagsulat sa wikang Filipino ay may ibang mga salita o malalim na mga salita sa wikang Filipino ay hindi ko masyadong maintindihan" (P8)

"For me, it's hard for me because I don't know much words so it's hard for me to write it down or talk it out"(P2)

Higit pa rito, bagama't naiintindihan ni P1 ang wikang Filipino, nahihirapan pa rin siya sa pag-unawa sa mga malalalim na salita.

"Naiintindihan ko po ang tagalong pero sa mga malalalim na mga salita hindi ko talaga ito madaling maintindihan pati na ang kahulugan sa mga salitang binabasa"(P1)

Ayon naman kay P6 at P12, sila ay nahihirapan sa paggamit ng mga salita na may mahirap o malalim na kahulugan, at nalilito rin siya sa tamang pagbaybay ng mga salita, lalo na kung inuulit ang mga ito ng maraming beses.

"Nahihirapan akong magtranslate at umintindi ng deep words"(P12)

"Ang mga pangunahing suliranin o hamon na kinakaharap ko sa pagsasalita at pagsulat sa wikang Filipino ay ang ibang mga salita na may mahirap o malalim na kahulugan. Sa pagsulat naman ay ang ibang mga salita na inuulit ng maraming beses at nalilito ako minsan sa tamang pagbaybay ng mga salita"(P6)

Karamihan sa mga mag-aaral ngayon ay nahihirapan sa pag-intindi at paggamit sa mga malalim na salita. Isa sa mga rason nito ay pamilyar ang mga mag-aaral sa mga salita. Dahil hindi na ito gaanong nagagamit, kalimitang ang mga mag-aaral lalo na yaong hindi gaanong *exposed* sa labas ng kanilang tahanan ay nahihirapan dahil mas namulat sila sa kanilang nakagisnang wika. Ayon kay Labrador, Cinco, Constantino, et al. (2017) ang kasalukuyang kalagayan ng wikang Filipino sa bagong henerasyon ay bumababa sa paglipas ng panahon, kung saan nawawalan na rin ng interes ang mga mag-aaral. Binigyan diin nina Bughao et al., (2017) na sa halip na gamitin ng mga mag-aaral ang wikang Filipino, ay pinapabayaang na lamang nila ito at mas ginagamit pa ang ibang wika. Karagdagan, dahil sa patuloy na paggamit nila ng wikang Ingles ay nalilimitahan ang kanilang bokabularyo sa wikang Filipino. Sa pag-aaral ni Saraos (2021), pinatutunayan na mayroong mahalagang ugnayan ang kasanayan sa pagpapakahulugan sa mga bokabularyong nababasa at ang antas ng pag-unawa.

Ang pagkakaroon ng kaalaman sa wikang Filipino o pagpapayabong ng bokabularyo ay nakatutulong upang maitindihan ang mga salitang may malalalim na kahulugan. Ang kakulangan ng kaalaman sa bokabularyo ng wikang Filipino ay nagdudulot upang ang isang mag-aaral ay mahirapan sa pag-intindi ng mga salitang may mahihirap na termino. Ang pagpapayabong ng bokabularyo sa wikang Filipino ay nagpapahintulot sa mga mag-aaral na mahasa ang kanilang kasanayan at kahusayan ng sa pag-intindi ng mga malalalim na salita sa wikang Filipino.

Tema 2: Kahirapan Sa Pagsasalita at Pagsulat Gamit ang Wikang Filipino dahil sa Kakulangan ng Kasanayan

Ang wika ay napakahalaga dahil ito ang ginagamit sa pang-araw-araw na pakikisalamuha sa ating kapwa. Ito ang nagsisilbing daan upang ating maipahayag ang ating saloobin, hinuha o mensahe. Gayunpaman, dahil sa kakulangan sa kasanayan sa ating wika; maraming mga mag-aaral ang hindi gaanong bihasa o nahihirapan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita at pagsulat. Kaya naman, sila ay nahihirapan sa pagsasalita sa harap ng klase tulad ng *reporting* o ulat at pagsulat gamit ang wikang Filipino. Natuklasan sa pag-aaral na ito na dahil mababa ang kasanayan at limitado lamang ang kaalaman sa wikang Filipino ay nagdudulot ito ng kahirapan sa mga mag-aaral. Narito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

"Ang partikular na sitwasyon na nagbigay sa akin ng kahirapan ay yung nakikipag-usap ako gamit ang wikang Filipino dahil nasanay ako sa paggamit ng wikang Ingles"(P4)

"Oo, mayroong partikular na sitwasyon na nagbibigay sa akin ng kahirapan at kumpiyansa sa pagsasalita at pagsulat sa wikang Filipino sa pamamagitan ng mga salita na hindi ako sanay na marinig o gamitin. Sinanay kasi ako sa magulang ko na magsalita sa wikang Ingles kaya nahihirapan ako sa wikang Filipino."(P6)

"Opo, dahil hindi ako gaanong marunong magtaglog"(P11)

"Oo, sa tuwing reporting"(P9)

"Oo sa oral sa Filipino"(P10)

Base sa mga sagot sa temang ito, ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pagsasalita at pasgsulat gamit ang wikang Filipino lalo na sa mga aktibidad na pasalita. Ito ang binigyan diin nina P9 at P10 na kung saan sila ay humaharap sa hamon tuwing mayroon silang oral at reporting.

"Oo, sa tuwing reporting"(P9)

"Oo sa oral sa Filipino"(P10)

Binigyang diin naman ni P11 na dahil hindi siya gaanong marunong sa paggamit ng wikang Filipino; hindi siya gaanong mahusay sa pagsasalita at pagsulat.

"Opo, dahil hindi ako gaanong marunong magtagalog"(P11)

Ayon nman kay P6 at P4, dahil mas nasanay siya sa paggamit ng wikang Ingles hindi sila gaanong bihasa sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita at pagsulat.

"Ang partikular na sitwasyon na nagbigay sa akin ng kahirapan ay yung nakikipag-usap ako gamit ang wikang Filipino dahil nasanay ako sa paggamit ng wikang Ingles" (P4)

"Oo, mayroong partikular na sitwasyon na nagbibigay sa akin ng kahirapan at kumpiyansa sa pagsasalita at pagsulat sa wikang Filipino sa pamamagitan ng mga salita na hindi ako sanay na marinig o gamitin. Sinanay kasi ako sa magulang ko na magsalita sa wikang Ingles kaya nahihirapan ako sa wikang Filipino."(P6)

Pangunahing elemento na hinihiling ng pagsasalita ay ang wika (Gloria, 2021). Dahil sa kakulangan sa kaalaman sa wika ito ay nagiging dahilan ito upang ang mga mag-aaral ay tubuan ng nerbyos at pagkabahala, pagkautal at takot. Ang kakulangan sa kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika ay may epekto sa kanilang akademikong pagganap (Sayson, Opancia, & Macasojot, 2020).

Bilang karagdagan, isa rin sa mga rason nito ay ang mas pagiging bihasa nila sa paggamit ng wikang Ingles. Ayon kay Dabu (2014), bagamat araw-araw na ginagamit ang wikang Filipino sa tahanan man o sa kalsada, maraming mga Pilipino pa rin ang hindi bihasa karamihan sa kanila ay kakikitaan na hindi gaanong sanay sa pagbigakas ng mga salitang nakasulat sa Filipino; sila ay minsang nauutal at tinutubuan ng takot. Dahil rito, kakikitaan talaga na hindi sila gaanong bihasa sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita at pagsulat na nagiging rason upang sila ay hind imaging epektibo. Ayon kay Shava at Manyike (2018) ang pang edukasyon na tagumpay ay lubos na nakadepende sa kakayahan ng mga mag-aaral na magkaroon access at ipakita ang kanilang mga kasanayan sa wika.

Ang pagkakaroon ng kasanayan at kaalaman sa wika ay nagpapahintulot upang ang mag-aaral ay maging mahusay sapagsasalita at pagsulat. Ngunit, dahil mas ginagamit ng mga mag-aaral ang nakagisnang wika lalo na ang wikang Ingles ay nagiging sanhi ito upang hind sila gaanong bihasa sa paggamit ng wikang Filipino. Karagdagan, kapag kulang ng kasanayan ukol sa wika, kalimitang naapektuan nito ang kanilang mga *oral participation* at *reporting*. Samakatuwid, ang pagkakaroon ng kasanayan at kahusayan sa paggamit ng wika ay ngpapahintulot sa mga mag-aaral na maging epektibo sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita at pagsulat.

Tema 3: Kahirapan sa Wastong Gamit ng Gramatika sa Wikang Filipino sa Pagsasalita at Pagsulat

Ang wika ang isang instrumento upang lahat ay magkaintindihan. Isa sa mahalagang aspeto ng pag-unlad ng paaralan ay ang patuloy na paggamit ng mga mag-aaral sa wika. Ang pagkatuto sa wikang Filipino ay nagpapahintulot upang ang mga mag-aaral ay maging mahusay sa paggamit ng gramatika. Sa paglipas ng panahon; dala na rin ng modernisasyon ang kaalaman sa wika ng mga mag-aaral ay kulang kaya naman sila ay humaharap sa matinding hamon sa wastong paggamit ng gramatika. Narito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

"Oo, mayroong mga partikular na sitwasyon na nagbibigay sa akin ng kahirapan o kumpiyansa sa pagsasalita o pagsulat sa wikang Filipino. Isa na rito ang pagsasalita at pagsulat sa wikang Filipino sa tamang gramatika"(P3)

"While I am using the Filipino language it's hard for me to talk it out correctly with perfect grammar sometimes my grammar is bad so it's challenging for me" (P2)

"Ang mga pangunahing suliranin o hamon na akin kinakaharap ay ang spelling at grammar dahil minsan nalilituhan ako minsan"(P5)

"Ang mga pangunahing suliranin o hamon na aking kinakaharap sa pagsasalita at pagsulat sa wikang Filipino ay ang paggamit ng bantas sa tamang paraan at ang pag gamit ng rin at din sa tamang paraan"(P3)

"Ang mga pangunahing suliranin o hamon na kinakaharap ko sa pagsasalita at pagsulat

"Sometimes I laugh at my own Tagalog accent when I speak . When I am writing using Tagalog language I make sure that my grammar are correct"(P11)

Base sa mga sagot ng mga kalahok, ang kanilang mga pahayag ay nagpapakita ng iba't ibang hamon na nararanasan ng mga indibidwal sa pagsasalita at pagsulat sa wikang Filipino, lalo na sa tamang paggamit ng gramatika at spelling. Si P3 ay nagpapahayag na nahihirapan siya sa pagsasalita at pagsulat gamit ang wikang Filipino na may tamang gramatika.

"Oo, mayroong mga partikular na sitwasyon na nagbibigay sa akin ng kahirapan o kumpiyansa sa pagsasalita o pagsulat sa wikang Filipino. Isa na rito ang pagsasalita at pagsulat sa wikang Filipino sa tamang gramatika" (P3)

Ayon naman kay P2, mahirap para sa kanila ang paggamit ng wikang Filipino nang may tamang gramatika dala na rin ng pagkakaroon ng limitadong kaalaman sa wika.

"While I am using the Filipino language it's hard for me to talk it out correctly with perfect grammar sometimes my grammar is bad so it's challenging for me" (P2)

Si P5 naman ay nahihirapan sa spelling at grammar, kung saan nalilito siya minsan. Dagdag pa ni P3, ang mga pangunahing hamon na kanyang kinakaharap ay ang tamang paggamit ng bantas at ang tamang paggamit ng "rin" at "din." Ang mga pahayag na ito ay nagpapakita ng mga karaniwang suliranin sa gramatika, spelling, at tamang paggamit ng mga bahagi ng wika, na nagiging hamon sa epektibong paggamit ng wikang Filipino.

"Ang mga pangunahing suliranin o hamon na akin kinakaharap ay ang spelling at grammar dahil minsan nalilituhan ako minsan" (P5)

"Ang mga pangunahing suliranin o hamon na aking kinakaharap sa pagsasalita at pagsulat sa wikang Filipino ay ang paggamit ng bantas sa tamang paraan at ang paggamit ng rin at din sa tamang paraan" (P3)

Ang pagkakaroon ng kaalaman sa wikang Filipino ang nagpapahintulot upang makabuo ng isang pangungusap. Lahat ng wika ay may gramatika, at bawat wika ay may kaakibat na sariling gramatika (Afroogh, 2019). Sa madaling salita, ang gramatika ay isang gabay sa tama at maayos na pagsama sama ng mga salita upang makabuo ng isang pangungusap sa pagsasalita at pagsulat. Ayon kay Richards at Schmidt (2010), ang gramatika ay isang paglalarawan ng istraktura ng isang wika at kung paano nabubuo ang mga yunit ng wika tulad ng mga salita at parirala sa mga pangungusap. Dahil kulang ang kaalaman ng mga mag-aaral sa wikang Filipino kalimitang naapektuhan nito ang wastong gamit nila sa mga bantas at baybay ng mga salita. Ang mga mag-aaral ay minsang nalilito. Isa sa mga karaniwang suliranin ay ang hadlang sa wika, dahil ang mga mag-aaral ay maaaring hindi nagkaroon ng kasanayan katulad ng kanilang mga katutubong wika na kanilang ginagamit sa pagsusulat (Mavuso, 2020). Ito ay maaaring magdulot ng mga problema sa grammar, bokabularyo, at pagbuo ng pangungusap (Nguyen, 2021).

Dala na rin ng kakulangan ng kaalaman sa wika at asignaturang Filipino; karamihan sa mga mag-aaral ang humaharap sa matinding hamon sa wastong gamit ng gramatika kabilang na ang mahirap pagbabaybay, paggamit ng nararapat na bantas, pagbuo ng tamang istraktura sa isang pangungusap at kahandaan ng mag-aaral sa pagsulat gamit ang wikang Filipino. Samakatuwid, ang pagbibigay pansin sa pagpapayabong sa bokabularyo ng mga mag-aaral ay magiging daan upang siya ay maging mahusay sa paggamit ng gramatika. Ang pagkakaroon ng kasanayan at kahusayan sa paggamit ang wika ay nagpapahintulot upang ang mga mag-aaral ay makabuo ng pangungusap na may tamang gramatika.

Konklusyon

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito, narito ang kongklusyon:

1. Ang kahirapan sa pag-unawa at pag-intindi at paggamit ng mga salitang nakasulat sa wikang Filipino ay nagiging hamon para sa mga mag-aaral. Dahil limitado lamang ang kanilang bokabularyo ay hindi gaanong nilang naiintindihan ang mga salitang may malalim na kahulugan o nakasulat sa malalim na mga termino.
2. Ang kahirapan sa wastong gamitin ng mga gramatika ay hamon rin para sa mga mag-aaral sapagkat hindi sapat ang kanilang kaalaman sa wika. Hindi nila gaanong maggamit ang mga salita at bantas upang makabuo ng isang pangungusap na may wastong istraktura. Hindi rin sila gaanong maalam sa pagbabaybay ng mga salita.
3. Ang kahirapan sa pagsasalita at pagsulat gamit ang wikang Filipino ay hamon rin para sa mga mag-aaral sapagkat mas nasanay sila sa pagsasalita gamit ang wikang Ingles o kanilang mga nakagisnang wika.

Talasanggunian

Aaqil, A., Rimaza, R., & Inshafiqbal, M. (2022). Grammatical errors in Essay writing: A study based on ESL students of English Department at South Eastern University of Sri Lanka. *Indonesian Journal of Social Research (IJSR)*, 4(2), 74-82. <https://doi.org/10.30997/ijsr.v4i2.205>

Afroogh, Dr. (2019). Grammar is the Heart and Basis of Language Teaching and Learning: English Grammar and Its Role in ELT. *Annals of Language and Literature*. 3. 6-11. 10.22259/2637-5869.0301002. <https://tinyurl.com/5yn44j48>

- Al Khazraji, A. (2019). Analysis of discourse markers in essays writing in ESL classroom. *International Journal of Instruction*, 12(2), 559–572. <https://doi.org/10.29333/iji.2019.12235a>
- Božić, Velibor. (2024). The Art of Effective Communication.10.13140/RG.2.2.12691.90404.
- Bughao, P., M. et al., (2017). Kalagayan ng Wikang Filipino sa Makabagong Panahon. <https://tinyurl.com/49892mfw>
- Cabansag, J (2013), Good Writing and Habit of students. Retrieved on April 3, 2024 from <https://tinyurl.com/3ypvk3bh>
- Cuta Charon & Mert, Jelly & Dumal, Khizarah & Gaan, Dayanara & Tantog , Alfer, (2024). Student's Experiences in 10-English Language Speaking A Case Study 142-139 <https://www.researchgate.net/publication/370622334>
Student's Experiences In _ English _ Language _ Speaking _ A _ Case _ Study
- Dabu, B. R. (2014, Nobyembre 5). WIKApedia, layong ipaalala ang tamang paggamit ng wikang Filipino. Nakuha noong Marso 1, 2017 sa <https://tinyurl.com/49xcrk5r>
- Dicang, V. J. P., & Molina, H. B. (2023, December 20). Mga Hamong Kinakaharap ng mga Mag-Aaral sa paggamit ng Wikang Filipino SA Makrong Kasanayan Sa Pagsasalita. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies (CJMS)*.<https://tinyurl.com/5xdtffay>
- Elkhayma, R. (2020). Moroccan students' writing difculties: Problems of cohesion and coherence kenitra as a case study. *International Journal for Innovation Education and Research*, 8(1), 9–24. <https://doi.org/10.31686/ijer.Vol8.Iss01.1537>
- Fareed, M., Ashraf, A., & Bilal, M. (2016). ESL learners' writing skills: Problems, factors, and suggestions. *Journal of Education and Social Sciences*, 4(2), 81–92
- Hailay Tesfay Gebremariam,& Dagnew Mache Asgede (2023). Effects of students self-reflection on improving essay writing achievement among Ethiopian Undergraduate Students: A Counterbalanced Design, *Asian-Pacific Journal of Second and Foreign Language Education*.https://www.researchgate.net/publication/374920043_Effects_of_students'_selfreflection_on_improving_essay_writing_achievement_among_Ethiopian_undergraduate_students_a_counterbalanced_design
- Gloria, Aldrine. (2021). Paglinang ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Panahon ng Pandemya.Download citation of Paglinang ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Panahon ng Pandemya (researchgate.net)
- Jasareno, L. J. (2012, Pebrero 5). Filipino bilang Asignatura. Nakuha noong Marso 1, 2017 sa <https://www.scribd.com/doc/80540825/Filipino-bilang-Asignatura>
- Javed, M., Juan, W. X., & Nazli, S. (2013) A Study of Student's Assessment in Writing Skills of the English Language. *International Journal of Instruction*. Volume 6, No. 2. Retrieved from <https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED544075.pdf>
- Labrador, T. K. B. et al., (2017). Kalagayan ng Wikang Filipino sa Makabagong Panahon. Retrieved from <https://www.slideshare.net/jaszh12/pananaliksiksa-filipino-11>
final?fbclid=IwAR3hqobkZq8AQn5BUxzjoctrSDxwBKdgvCpiVp2DLcxte Ollr o5VEatqkMc
- Martin, H. M. (2016). Epekto ng Pagtatanggal ng Asignaturang Filipino sa Pangkolehiyong Kurikulum. Nakuha noong Marso 8, 2017, mula sa https://www.academia.edu/30995221/EPEKTO_NG_PAGTANGGAL_NG_ASIGNATURANG_FILIPINO
- Martínez, J., López-Díaz, A., & Pérez, E. (2020). Using process writing in the teaching of English as a foreign language. *Revista Caribeña de Investigación Educativa*, 4(1), 49-61.
- Nguyen, C. T. (2021). EFL Students' Challenges in the Integration of Reading and Writing in their Writing Classes. *European Journal of English Language Studies*, 3(1), 13–22.
- Richards, J.C. and Schmidt,R. 2010. Longman dictionary of language teaching and applied linguistics. Fourth edition. Great Britain: Pearson Education Limited,
from<https://books.google.com/books?hl=en&lr=&id=ziSsAgAAQBAJ&oi=fnd&pg=PP1&>



Sayson, C. ., Opancia, E. ., & Macasojot, J. . (2020). Effects of Using English Language on Academic Performance of Grade 12 HUMSS Strand Students at Bestlink College of the Philippines. Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research, 2(1).Retrieved from <https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcjpmra/article/view/2638>

Shava S, Manyike TV (2018). The decolonial role of African indigenous languages and indigenous knowledge in formal education processes. *Indilinga African J. Indigenous Knowledge Systems*, 17(1), 36-52

Sosas, Rowena. (2021). Technology in teaching speaking and its effects to students learning English. *Journal of Language and Linguistic Studies*. 17. 10.52462/jlls.66.

Suelto, S. (2018). Pursuing English language proficiency among Filipino students. Retrieved from <https://bsuexegesis.wordpress.com/authors/language-education/pursuing-english-language-proficiency-among-filipino-students/>.

Zidan, A. A. (2020). Writing competence of junior high school students at two junior high schools in Yogyakarta. Retrieved from *Journal of English Language and Pedagogy*: <https://jurnal.ustjogja.ac.id/index.php/ELP/article/view/3865>